Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

716

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG NOBYEMBRE 9, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT ..... PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo
Kagalang-galang Louie C. de Leon ..... Kagawad
Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... Kagawad
Kagalang-galang Jun M. Asinas ..... Kagawad
Kagalang-galang Romulo A. Elca ..... Kagawad
Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat ..... Kagawad
Kagalang-galang Angelito U. Limjuco ..... Kagawad
Kagalang-galang Oscar F. Feliciano ..... Kagawad
Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes ..... Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

DI-DUMALO:

Kagalang-galang Laura P. Obligacion ..... Kagawad
*Kagalang-galang Isagani R. Malapaya ..... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay*

**KAPASIYAHAN BLG. 195-T'09**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 06-T2009 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG BAGUMBAYAN NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONG DAAN DALAWAMPU'T TATLONG LIBO ISANGDAAN LABING PITONG PISO AT ANIMNAPUNG SENTIMOS (Php323,117.60) MULA SA KARAGDAGANG INTERNAL REVENUE ALLOTMENT PARA SA TAONG 2009 NA MAY KABUUANG HALAGANG Php480,336.00 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (Php96,067.20), 10% SK FUND (Php48,033.60), 5% CALAMITY FUND (Php24,016.80), KOMUNIKASYON (Php100,000.00), PHILHEALTH (Php5,000.00), UNIFORM (Php20,000.00), OFFICE SUPPLIES (Php10,000.00) AT GASOLINE, OIL AND LUBRICANTS (Php20,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 92-T2009/Kautusan sa Paglalaan Blg. 06-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan na nagkakahalaga ng Php323,117.60 mula sa Karagdagang Internal Revenue Allotment para sa taong 2009 na may kabuuang halagang Php480,336.00 upang ilaan sa 20% Development fund (Php96,067.20); 10% SK fund (Php48,033.60); 5% Calamity fund (Php24,016.80), Komunikasyon (Php100,000.00), Philhealth (Php5,000.00), Uniform (Php20,000.00), Office Supplies (Php10,000.00) at Gasoline, Oil and Lubricants (Php20,000.00) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon ( Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Jun M. Asinas at Ramon D. Tan at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kautusan sa Paglalaan Blg. 06-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan na nagkakahalaga ng Php323,117.60 mula sa Karagdagang Internal Revenue Allotment para sa taong 2009 na may kabuuang halagang Php480,336.00 upang ilaan sa 20% Development fund (Php96,067.20); 10% SK fund (Php48,033.60); 5% Calamity fund (Php24,016.80), Komunikasyon (Php100,000.00), Philhealth (Php5,000.00), Uniform (Php20,000.00), Office Supplies (Php10,000.00) at Gasoline, Oil and Lubricants (Php20,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Bagumbayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY: **ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan